## FOREWORD

## LINGUNIN ANG KASAYSAYAN

Tanglaw ang kasaysayan sa ating kinabukasan. Parola itong giya sa ating mga paglalakbay at pakikisangkot. Amihan itong naghuhudyat sa muli't muling paglusong at paglinang sa bukid. Sirena itong pumipitada para sa pagbangon at patuloy na pagpapanday sa organisadong lakas ng mamamayan. Ito ang hatid ng mga makasaysayang akda sa ispesyal na edisyong ito ng Bisig.

Sa isyung ito, matutunghayan natin ang ilan sa mga artikulong tumanglaw sa landasing hinawan ng Bisig. Bawat letra ay tinggang inilimbag ng mga makina sa diskursong panlipunan at itinatak ang makauri at makabayang panig sa mga usaping panlipunan. Sa pamamagitan ng mga artikulong ito, buong lakas at determinadong ipinukpok ng Bisig noon at hanggang ngayon ang interes at aspirasyon ng mga anakpawis sa salimbayan ng mga ideya. Mahigpit na ikinawing ng Bisig ang pakikipagkapitbisig sa iba't ibang sektor ng lipunan sa patuloy nitong paghahangad ng lipunang masagana, produktibo at kaunlarang may kapayapaan para sa lahat.

Pero tulad ng sinabi ng mga ninunong kaBisig, hindi magiging madali at tigib ng pakikibaka ang pagkakamit sa mga simulaing ito. Kahit na ngayon, sa panahon ng mga instant na impormasyon at laluna ng mga disimpormasyon, importanteng may binabalikang pinagsisimulan at batayan. Sa yugtong samutsari ang kahingian, napakahalagang may panghawakang mga saligang prinsipyo na maaring maging pananda sa mga pagpapasya at pagsulong.

Pinagpasyahan ng patnugutan ng Bisig na muling itanghal ang mga natatanging artikulong nailimbag na sa mga nakaraang isyu ng Bisig. Pinili namin ang mga artikulong ito hindi lamang dahil ito ay likha ng mga pundador at tagapagsimula ng Bisig. Higit na dahilan pa rito ay ang nagpapatuloy

na kabuluhan ng mga akdang ito kahit sa kasalukuyang panahon. Nais naming mas marami ang makabasa ng kanilang mga akda na noon ay nalimbag sa limitadong kopya ng Bisig Journal na hindi tulad ngayong ito ay matutunghayan din at magagalugad sa websites at kopyang digital. Hangad namin na patuloy na makapagbigay ng inspirasyon at sigasig ang mga akdang ito nina Dr. Nemesio Prudente, Ka Roger Ordonez, Bayani Abadilla, Gandhi Cardenas at iba pa.

Sa pagsapit ng ika-120 anibersaryo ng Politektnikong Unibersidad ng Pilipinas, marapat na lingunin ang mga simulaing ito upang magbigay ng panibagong sikad sa Bisig ng mga manggagawa at anakpawis. Salamat sa mga artikulong ito sa kanilang patuloy na gabay at sa tuwina'y pagpapaalala kung ano at para kanino ang Bisig.

**Rimando E. Felicia, MCD**
**Editor**